



Sistema ng Proteksyon at Pagtataguyod ng California

Mga Espesyalistang Serbisyo sa Kalusugan ng Isip sa pamamagitan ng Plano sa Kalusugan ng Isip ng County

Hunyo 2018, Lat. 5084.08

Mga Espesyalistang Serbisyo sa Kalusugan ng Isip sa pamamagitan ng Plano sa Kalusugan ng Isip ng County (MHP, Mental Health Plan)

Ang ilang mga serbisyo sa kalusugan ng isip ay makukuha sa pamamagitan ng bayad-para-sa-serbisyo na mga tagapagbigay sa Medi-Cal¹ o sa mga plano sa pinangangasiwaang pangangalaga ng Medi-Cal , habang ang iba ay makukuha lamang sa pamamagitan ng mga Plano sa Kalusugan ng Isip ng County sa ilalim ng Pagpaubaya ng mga Espesyalistang Serbisyo sa Kalusugan ng Isip.² Ang paglalathalang ito ay nakatuon sa mga espesyalistang serbisyo sa kalusugan ng isip na makukuha sa pamamagitan ng Mga Plano sa Kalusugan ng Isip (MHPs, Mental Health Plans) ng County.

Para sa karagdagang impormasyon sa mga serbisyo sa kalusugan ng isip na makukuha sa pamamagitan ng Medi-Cal, tingnan ang Paglalathala

¹Kung ikaw ay nasa bayad-para-sa-serbisyo na Medi-Cal, maaari kang pumunta sa alinmang tagapagbigay na tumatanggap ng Medi-Cal. Nangangahulugan din ito na hindi ka nakatala sa plano ng pinangangasiwaang pangangalaga ng Medi-Cal. - ([Bumalik sa Pangunahing Dokumento](#))

² Kodigo ng Kapakanan & mga Institusyon (Welfare & Institutions Code) § 14189. - ([Bumalik sa Pangunahing Dokumento](#))

#5609.01 – [Mga Plano sa Pinangangasiwaang Pangangalaga at mga Serbisyo sa Kalusugan ng Isip ng Medi-Cal.](#)

Ano ang mga espesyalistang serbisyo sa kalusugan ng isip?

Kabilang sa mga espesyalistang serbisyo sa kalusugan ng isip ang Mga Serbisyo sa Pagpapanumbalik ng Kalusugan ng Isip, Saykayatrikong Inpatient na mga Serbisyo sa Ospital, Nakatuon na Pangangasiwa ng Kaso, Mga Serbisyo ng Saykayatriza, Mga Serbisyo ng Sikolohista, Dagdag na mga Espesyalistang Serbisyo sa Kalusugan ng Isip sa Maaga at Pana-panahong Pagsusuri, Dayagnostik at Paggamot (EPSDT, Early and Periodic Screening, Diagnostic and Treatment)³, at Mga Serbisyo sa Pasilidad ng Saykayatristang Pangangalaga.⁴ Ang mas detalyadong listahan ng ispesipikong mga serbisyonang saklaw ay makikita sa ibaba. Ang mga espesyalistang serbisyo sa kalusugan ng isip ay ibinibigay ng mga espesyalista sa kalusugan ng isip, tulad ng mga saykayatriza, sikolohista, lisensyadong klinikal na mga manggagawang lipunan (LCSWs, Licensed Clinical Social Workers), lisensyadong terapruta sa kasal at pamilya (MFTs, Marriage and Family Therapists), saykayatrik na mga tekniko, o mga tagapagbigay ng suporta sa mga halintulad. Ang iyong pangunahing doktor sa pangangalaga o ibang tagapagbigay ng pangangalaga sa pisikal na kalusugan ay maaari ring magbigay ng pangkalahatang mga serbisyo sa kalusugan ng isip sa iyo kung pareho kayong sumang-ayon. Gayunpaman, ang mga ito ay hindi itinuturing na mga espesyalistang serbisyo sa kalusugan ng isip.

³ Maaga at Pana-panahong Pagsusuri, Dayagnostik at Paggamot (EPSDT, Early and Periodic Screening, Diagnostic and Treatment) ay ang bahagi para sa kalusugan ng bata ng Medicaid. Isinasaad ng pederal na mga kautusan at regulasyon na ang mga batang wala pang 21 taong gulang na nakatala sa Medicaid ay karapat-dapat sa EPSDT na mga benepisyo at ang mga Estado ay dapat sumaklaw sa malawak na hanay ng mga serbisyo sa pag-iwas at paggamot. - ([Bumalik sa Pangunahing Dokumento](#))

⁴ 9 Kodigo ng mga Regulasyon ng California (C.C.R., California Code of Regulations) § 1810.247(a-g).

Paano ibinibigay ang mga espesyalistang serbisyo sa kalusugan ng isip?

Ang mga espesyalistang serbisyo sa kalusugan ng isip ay ibinibigay sa mga benepisyaryo ng Medi-Cal sa pamamagitan ng Mga Plano sa Kalusugan ng Isip (MHPs, Mental Health Plans) ng County.⁵ Lahat ng mga MHP ay bahagi ng mga sangay ng county sa kalusugan ng isip o kalusugan ng pag-uugali.⁶ Ang MHP ay maaaring magbigay ng mga serbisyo sa pamamagitan ng sarili nitong mga empleyado o sa pamamagitan ng mga naka-kontratang tagapagbigay.⁷

Anong mga espesyalistang serbisyo sa kalusugan ng isip ang maaaring makuha ko?

Ikaw ay makakakuha ng espesyalistang serbisyo sa kalusugan ng isip kung ang serbisyo ay parehong saklaw na serbisyo sa ilalim ng programang Medi-Cal at medikal na kinakailangan mo ito. Ang mga saklaw na serbisyo ay ibinibigay lamang kung ang mga ito ay medikal na kinakailangan.⁸

Aling espesyalistang serbisyo sa kalusugan ng isip ang saklaw?

Ang mga outpatient na espesyalistang serbisyo sa kalusugan ng isip ay **saklaw** kung ang mga ito ay nasa sumusunod na listahan.⁹

- (a) Mga Serbisyo sa Pagpapanumbalik ng Kalusugan ng Isip, kabilang ang:
1. Mga serbisyo sa kalusugan ng isip
 2. Mga serbisyo sa suporta sa medikasyon

⁵ Cal. Kodigo ng & Institusyon Kapakanan §14680(b).

⁶ Cal. Kodigo ng & Institusyon Kapakanan §14680(d).

⁷ 9 Kodigo ng mga Regulasyon ng California §1810.436(a).

⁸ 9 Kodigo ng mga Regulasyon ng California) §1810.345(a).

⁹ 9 Kodigo ng mga Regulasyon ng California § 1810.247 “Mga Espesyalistang Serbisyo sa Kalusugan ng Isip.” - [\(Bumalik sa Pangunahing Dokumentong\)](#)

3. Masinsinang pang-araw na paggamot
 4. Pang-araw na pagpapanumbalik ng kalusugan
 5. Pamamagitan sa krisis
 6. Pagpapanatag ng krisis
 7. Mga serbisyo sa paggamot sa bahay ng nasa wastong gulang
 8. Mga serbisyo sa paggamot sa bahay ng krisis
 9. Mga serbisyo sa pasilidad ng saykayatrikong kalusugan
- (b) Mga serbisyong inpatient sa saykayatrikong ospital
- (c) Nakatuon na pangangasiwa ng kaso
- (d) Mga serbisyo ng saykayatriska
- (e) Mga serbisyo ng sikolohista
- (f) Dagdag na mga espesyalistang serbisyo sa kalusugan ng isip sa EPSDT (para sa mga indibiduwal na wala pang 21 taong gulang); at
- (g) Mga Serbisyo sa Saykayatrikong Pasilidad ng Pangangalaga

Ang mga serbisyong pang-outpatient lamang ang itinatalakay sa talaang ito.

Kasama sa “mga serbisyo sa kalusugan ng isip” ang pang-indibiduwal o pang-grupong mga terapiya at pamamagitan na maaaring mabawasan ang kapansanan sa kaisipan at mabalik, mapabuti o mapanatili ang paggana. Dapat makatulong ang mga ito sa pag-aaral, pag-unlad, sariling pamumuhay at pinahusay na sariling-kasapatan at hindi ibinibigay bilang bahagi ng iba pang programa sa kalusugan ng isip (hal. katulad ng pang-araw o pambahay na programa). Ang mga gawaing serbisyo ay maaaring kasama ang pagtatasa, pagbuo ng plano, terapiya, pagpapanumbalik at kaugnay na mga serbisyo.¹⁰

Ang “pagpapanumbalik” ay malawak at isang serbisyo na kinabibilangan ng tulong sa pagpapabuti, pagpapanatili o pagbabalik ng paggana, pang-araw-araw na pamumuhay, mga kasanayan sa pakikipagkapwa at paglilibang, pag-aayos at personal na kalinisan, paghahanda ng pagkain, suportang mapagkukunan at edukasyon sa medikasyon.¹¹

¹⁰ 9 Kodigo ng mga Regulasyon ng California § 1810.227

¹¹ 9 Kodigo ng mga Regulasyon ng California § 1810.243

Ang “Nakatuon na Pangangasiwa ng Kaso” ay isang serbisyo na tutulong sa iyo na makuha ang kinakailangang mga serbisyong medikal, pang-edukasyon, panlipunan, bago ang bokasyunal, bokasyunal, pagpapanumbalik, o iba pang mga serbisyo sa komunidad, kabilang ang pabahay. Maaari itong gawin sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan, koordinasyon, pagsangguni, pagtatalaga, pagbuo ng plano, at pagsusubaybay ng pagsulong at mga serbisyo upang matiyak ang akses.¹²

Ano ang ibig sabihin ng “medikal na kinakailangan”?

Ang serbisyo ay medikal na kinakailangan kung kailangan mo ang serbisyo upang matugunan ang iyong partikular na kondisyon sa kalusugan ng isip. Kahit pa ang serbisyo ay medikal na kinakailangan mo, ito ay dapat saklaw din na serbisyo sa ilalim ng programang Medi-Cal upang ikaw ay maging karapat-dapat dito.

Mayroong apat na bahagi sa pamantayan sa pagiging medikal na kinakailangan.

1. Ikaw ay dapat may **dayagnosis** ng hindi bababa sa isa sa mga sakit sa isip na nakalista sa mga regulasyon:¹³
 - Malaganap na Sakit sa Pagsulong, maliban sa mga Sakit sa Autism
 - Nakakagambalang Pag-uugali at mga Sakit sa Kakulangan sa Atensyon
 - Mga Sakit sa Pagpapakain at Pagkain sa Pagkasanggol at Maagang Pagkabata
 - Mga Sakit sa Pagdumi
 - Ibang mga Sakit sa Pagkasanggol, Pagkabata, o Kabataan
 - Schizophrenia at ibang Sakit na Saykotik, maliban ang mga Sakit na Saykotik sanhi ng Pangkalahatang Medikal na Kondisyon
 - Mga Sakit sa Sumpong, maliban ang mga Sakit sa Sumpong sanhi ng Pangkalahatang Medikal na Kondisyon

¹² 9 Kodigo ng mga Regulasyon ng California Sek 1810.249

¹³ 9 Kodigo ng mga Regulasyon ng California § 1830.205(b)(1)(A-R)

- Mga Sakit sa Pagkabalisa, maliban ang mga Sakit sa Pagkabalisa sanhi ng Pangkalahatang Medikal na Kondisyon
 - Mga Sakit na Somatoform
 - Mga Sakit na Artipisyal
 - Mga Sakit na Dissociative
 - Mga Paraphilia
 - Sakit sa Pagkakakilanlan ng Kasarian
 - Mga Sakit sa Pagkain
 - Mga Sakit sa Pagkontrol ng Udyok
 - Mga Sakit sa Pagsasaayos
 - Mga Sakit sa Personalidad, maliban sa Sakit sa Antisocial na Personalidad
 - Mga Sakit sa Paggalaw dulot ng Medikasyon kaugnay sa iba pang kasamang mga dayagnosis.
2. Dapat mayroon kang **kapansanan** bilang resulta ng sakit na nakaaapekto sa iyong kakayahang gumana bilang indibiduwal o sa komunidad.¹⁴
 3. Ang **pamamagitan** (ang serbisyo sa kalusugan ng isip na iyong kailangan) ay dapat nakatuon sa pagtugon sa kapansanan.¹⁵
 4. Dapat matugunan ng pamamagitan **ang pamantayan sa espesyalistang serbisyo sa kalusugan ng isip**. Nangangahulugan ito na ang iyong kondisyon ay dapat tumutugon sa paggamot sa kalusugan ng isip, ngunit hindi tumutugon sa paggamot na batay sa pangangalaga ng pisikal na kalusugan.¹⁶

Kung ikaw ay wala pang 21 taong gulang, ngunit hindi mo natugunan ang mga kinakailangang nakabalangkas sa 9 Kodigo ng mga Regulasyon ng California (C.C.R., California Code of Regulations) para sa medikal na pangangailangan § 1830.205(b)(2-3), maaari ka pa ring makatanggap ng mga serbisyo kung ikaw ay may isa sa mga dayagnosis na nakalista sa

¹⁴ 9 Kodigo ng mga Regulasyon ng California § 1830.205(b)(2)(A-B).

¹⁵ 9 Kodigo ng mga Regulasyon ng California § 1830.205(b)(3)(B)(1-2).

¹⁶ 9 Kodigo ng mga Regulasyon ng California § 1830.205(b)(3)(C).

itaas at ang kondisyon na mayroon ka ay hindi tumutugon sa paggamot sa pangangalaga ng pisikal na kalusugan.¹⁷

Paano kung mayroon akong higit sa isang dayagnosis?

Ang pagkakaroon ng dayagnosis na hindi kasama sa listahan ay hindi pipigil sa iyo mula sa pagtanggap ng mga serbisyo hangga't ikaw ay may hindi bababa sa isang dayagnosis na kasama sa listahan. Kung mayroon kang higit sa isang dayagnosis ngunit hindi bababa sa isa sa iyong dayagnosis ay nasa listahan sa itaas, makatatanggap ka pa rin ng mga espesyalistang serbisyo sa kalusugan ng isip.¹⁸

Paano ako kukuha ng mga espesyalistang serbisyo sa kalusugan ng isip?

Dapat kang humiling ng serbisyo mula sa iyong MHP ng county, iyon ay, ang sangay ng county sa kalusugan ng isip o kalusugan ng pag-uugali. Kung ikaw ay hindi nakakakuha ng mga serbisyo sa ngayon, maaari kang tumawag sa linya ng akses ng MHP at humiling ng pagtatasa. Tingnan ang website ng Kagawaran ng Kalusugan ng Isip ng California para sa listahan ng libreng tawag na mga numero ng telepono na linya ng akses ng MHP. Ang listahan ay makikita sa <http://www.dhcs.ca.gov/individuals/Pages/MHPContactList.aspx>.

Ang mga serbisyo ay dapat na ibigay sa iyo kapag kailangan mo ang mga ito. Ibig sabihin nito na hindi ka maaaring ilagay sa listahan ng naghihintay para sa mga serbisyo. Nangangahulugan din ito na hindi ka maaaring sabihan na tumawag muli mamaya dahil lahat ng oras ng appointment ay puno na. Dapat makakuha ka man lang ng pagtatasa ng iyong pangangailangan para sa mga serbisyo.

Aprubado ba sa akin ang aking plano at mga serbisyo ng kliyente?

¹⁷ 9 Kodigo ng mga Regulasyon ng California § 1830.210(a)(1-3).

¹⁸ 9 Kodigo ng mga Regulasyon ng California § 1830.205(c).

Oo. Dapat kasama sa iyong “plano ng kliyente” ang mga espesyalistang serbisyo sa kalusugan ng isip na karapat-dapat ka at idokumento na ikaw ay sumang-ayon. Maaari mong pirmahan ang plano o maaaring ilagay ng iyong tagapagbigay na ikaw ay sumasang-ayon at lumalahok sa iyong plano.¹⁹

Paano kung hindi ako masaya sa aking mga serbisyo o kung itinatangi, binabawasan, o sinususpende ng aking MHP ang mga serbisyo?

Kung nagkaroon ka ng hindi magandang karanasan sa iyong MHP, maaaring kang magsampa ng pagdaing. Kung ang iyong mga serbisyo ay nabago o ikaw ay tinanggihan ng mga serbisyo na sa palagay mo karapat-dapat ka, maaari kang magsampa ng apela. Ang Kagawaran ng mga Serbisyo sa Pangangalaga ng Kalusugan ay naglabas kamakailan ng memorandum na tumatalakay sa mga proseso ng pagdaing at pag-apela, na maaari mong makita sa:

<http://www.dhcs.ca.gov/formsandpubs/Documents/MMCDAPLsandPolicyLetters/APL2017/APL17-006.pdf>

Ang Disability Rights California ay naglabas din ng paglalathala na tumatalakay sa mga proseso ng pagdaing at pag-apela, [Paglalatahala #7134.01 – Mga Pagdaing, Pag-apela, at Makatarungang Pagdinig sa Plano sa Kalusugan ng Isip \(MHP, Mental Health Plan\) ng County](#)

Mga Pamantayan sa Oras at Layo para sa mga Serbisyo sa Kalusugan ng Isip²⁰

¹⁹ 9 Kodigo ng mga Regulasyon ng California 1810.205.2 at 440(c).

²⁰ Kagawaran ng mga Serbisyo sa Pangangalaga ng Kalusugan, Abiso ng Impormasyon Blg.: 18-011, Peb. 13, 2018 ng Mga Serbisyo sa Kalusugan ng Isip & Paggamit ng Sangkap (MHSUDS, Mental Health & Substance Use Disorder Services), makikita sa http://www.dhcs.ca.gov/services/MH/Documents/Information%20Notices/IN%2018-%20Network%20Adequacy/MHSUDS_IN_18-011_Network_Adequacy.pdf, pg 6. - ([Bumalik sa Pangunahing Dokumento](#))

Simula Hulyo 2018, magkakaroon ng bagong mga patakaran tungkol sa kung paano magbigay ng mga serbisyo ang mga county. Ang mga county ay kinakailangang magbigay ng mga serbisyo sa loob ng ilang distansiyang layo mula sa iyong tirahan at sa loob ng ilang takdang panahon. Ang mga detalye ay nakalista sa ibaba.

Ang mga rural na county ay dapat magbigay ng pangangalaga sa loob ng 60 milya o 90 minuto mula sa tirahan ng benepisyaryo. Kabilang sa mga county na ito ang:

- Alpine, Calaveras, Colusa, Del Norte, Glenn, Humboldt, Imperial, Inyo, Lassen, Mariposa, Mendocino, Modoc, Mono, Plumas, San Benito, Shasta, Sierra, Siskiyou, Tehama, Trinity, at Tuolumne

Ang mga maliliit na county ay dapat magbigay ng pangangalaga sa loob ng 45 milya o 75 minuto mula sa tirahan ng benepisyaryo. Kabilang sa mga county na ito ang:

- Amador, Butte, El Dorado, Fresno, Kern, Kings, Lake, Madera, Merced, Monterey, Napa, Nevada, San Bernardino, San Luis Obispo, Sana Barbara, Sutter, Tulare, Yolo, at Yuba

Ang mga katamtamang laki na county ay dapat magbigay ng pangangalaga sa loob ng 30 milya o 60 minuto mula sa tirahan ng benepisyaryo. Kabilang sa mga county na ito ang:

- Marin, Placer, Riverside, San Joaquin, Santa Cruz, Solano, Sonoma, Stanislaus, at Ventura

Ang mga malalaking county ay dapat magbigay ng pangangalaga sa loob ng 15 milya o 30 minuto mula sa tirahan ng benepisyaryo. Kabilang sa mga county na ito ang:

- Alameda, Contra Costa, Los Angeles, Orange, Sacramento, San Diego, San Francisco, San Mateo, at Santa Clara

Napapanahong Akses sa mga Appointment²¹

²¹ 9 Kodigo ng mga Regulasyon ng California seksyon 1300.67.2.2(c)(5).

Ang mga plano sa serbisyo ng pangangalaga ng kalusugan na nagbibigay o nag-aayos para sa pagbigay ng mga serbisyo sa ospital o ng doktor, kabilang ang espesyal na mga plano sa kalusugan ng isip na nagbibigay ng mga serbisyo sa ospital at ng doktor, o nagbibigay ng mga serbisyo sa kalusugan ng isip alinsunod sa kontrata na may ganap na plano ng serbisyo, ay dapat magbigay ng napapanahong akses sa mga serbisyo.

Partikular na ang mga sumusunod na serbisyo ay dapat makuha sa loob ng sumusunod na takdang panahon.

Ang mga appointment para sa kagyat na pangangalaga na hindi nangangailangan ng paunang awtorisasyon ay dapat ibigay sa loob ng 48 oras; samantalang ang mga appointment para sa kagyat na pangangalaga na nangangailangan ng paunang awtorisasyon ay dapat ibigay sa loob ng 96 oras.

Ang mga appointment para sa hindi kagyat na pangunahing pangangalaga ay dapat ibigay sa loob ng 10 araw ng negosyo; ang mga hindi kagyat na appointment sa espesyalista (saykayatriya) ay dapat ibigay sa loob ng 15 araw ng negosyo; ang mga hindi kagyat na appointment sa tagapagbigay ng pangangalaga sa kalusugan ng isip (hindi pang-saykayatriya) ay dapat ibigay sa loob ng 10 araw ng negosyo; at ang hindi kagyat na appointment para sa mga serbisyong pantulong para sa dayagnosis o paggamot ng pinsala, sakit o ibang mga kondisyon sa kalusugan ay dapat gawin sa loob ng 15 araw ng negosyo.

Ang mga haba ng paghihintay sa telepono ay dapat limitahan sa hindi hihigit sa 10 minuto. Ang mga serbisyong triage ay dapat magamit 24/7 at ang pagbalik ng tawag ay hindi maaaring lumampas ng 30 minuto.

Napapanahong Akses – Limitadong mga Eksepsyon

Gayunpaman, mayroong mga limitadong eksepsyon sa pagiging maagap ng mga appointment.

Halimbawa, para sa pinahabang mga appointment²², kung saan ang sumasangguni o gumagamot na tagapagbigay ay tinukoy na ang mas mahabang panahon ng paghihintay ay hindi magkakaroon ng nakapipinsalang epekto sa kalusugan ng benepisyaryo* at sinulat ang eksepsyon na ito sa talaan, ang panahon para sa susunod na appointment ay maaaring pahabain lampas sa mga takdang panahon sa itaas.

Dagdag pa, ang mga indibiduwal na may pana-panahong mga pagbisita ay maaaring magkaroon ng mas mahabang panahon sa pagitan ng mga pagbisita at maaaring iiskedyul ang mga pagbisitang ito nang pauna.²³

²² 9 Kodigo ng mga Regulasyon ng California seksyon 1300.67.2.2(c)(5)(G).

²³ 9 Kodigo ng mga Regulasyon ng California seksyon 1300.67.2.2(c)(5)(H).